# ANG MANGHUHULA

## Ernesto V. Carandang II

Hapon ng Huwebes, makulimlim ang langit. Maalinsangan ang karaniwang araw ng mga tindera ng prutas, kakananin, at gulay sa kahabaan ng kalyeng patungo sa Quinta. Umaasang kumita kahit man lang sapat sa maghapong pagsisikap, pati ang mga nagtitinda ng sampaguita, eskapularyo, rosaryo, kandila, at gayon din ang mga nangangalakal ng sari-saring gamot na hinugot, pinigtas, ginupit kung saan-saang mga hardin at gubat. Marami sa kanila ang tumitingin sa simbahan at humihingi ng basbas.

Sumisigaw na naman sa plaza ang matandang nakadamit na mala-obispo. Siya ang nagbansag sa sarili bilang sugo at anak ng pinaniniwalaan niyang diyos. Naglalakad siyang may karatulang may babalang darating na ang araw ng panghuhusga at kailangan nang magsisi sa mga kasalanan. Natatapos ang buong maghapon na tila wala naman siyang napaniwala sa kaniyang pananampalataya.

Naroroon din ang mga sari-saring taong nagbabakasakali sa himala, sa tulong ng Itim na Nazareno. Sila ang mga nawawalan ng pag-asa sa mga pinapasang hamon, ang mga naniniwalang sa pagdarasal at paglalakad nang nakaluhod patungo sa altar malulutas ang lahat ng hilahil at matutupad ng lahat ng hinihiling. Ilang baldeng luha na ang dumaloy at pumatak sa simbahang ito, maaaring dahil sa pait at kirot o sa pasasalamat at katuparan ng mga dalangin.

May mga naniniwala pa rin sa misteryo at kapangyarihan ng mga agimat, mga pangontra sa usog, balis, at kulam. May mga padasal na may katapat na halaga para sa may karamdaman, nawawala, nalinlang, at nalulumbay. At mga nakapila rin ang nagpapaligsahan sa panghuhula na nasa paligid ng basilika, na maaaring binabasa ang hinaharap o mga naganap sa pamamagitan ng palad, baraha, o bolang-kristal. Isa na rito si Aling Maring. Hindi gaya ng iba, sa mukha niya binabasa ang lahat. May kahulugan sa kaniya ang bawat bahagi nito. Pag-ibig at pag-asenso sa mga mata, ukol sa kamag-anak sa mga kilay, noo at ilong, mga kahilingan sa pisngi, labi, at baba. Pati ang mga nunal, haba ng pilik-mata, at ang bigote at balbas ay nakikitaan niya ng kahulugan. Madalas, palapit pa lamang sa kaniya ang kliyente ay tinititigan at inaaninag na niya ang mga dinadala nito at maging

ang nais nitong malaman. Pero may mga sandaling tumatahimik na lamang siya, lalo na kung may malagim o karumaldumal na pangyayaring parating o naganap. Di gaya ng ibang manghuhula, tumatanggi siya sa mga taong sinusubukan lamang ang kapangyarihan niya o may pakay na panloloko sa kapwa. Nababasa niya ito, lalo na kung papalapit na ang orasyon.

Dating sapatero sa Escolta ang ama ni Aling Maring, samantalang maagang namayapa ang kaniyang ina nang paslangin ito ng lalaking kalaguyo nito. Napanaginipan niya ito. Ipinagtapat pa nga sa kaniyang ama, pero hindi siya nito pinaniwalaan. Minsan niyang nakita ang kaniyang ina na may kasa-kasama sa isang eskinita sa kahabaan ng kalyeng T. Mapua. Namukhaan niya ang lalaki. Nabasa niya ang lagim sa mga mata nito. Nalaman niya ang kahulugan ng matalim nitong kilay at pilat sa noo. Papatayin nito ang kaniyang ina dahil ayaw sumama nito sa kaniya at iwan ang miserableng asawa at anak. May baon itong patalim. Nakita niya sa pisngi nito ang kalupitan na dadanasin ng kaniyang ina at ang kakayanan nitong pumatay. Dati itong matadero sa Tondo, na naniniwalang katumbas lamang ng baboy ang buhay ng tao.

Napaluhod na lang ang batang si Maring. Nanghihinayang sa dapat niyang nagawa para isalba ang buhay ng ina. Kinakain ng takot ang kaniyang kalooban. Nanaig sa kaniyang puso ang pagkagimbal ng pangitain. Lumuha siya. Ito ang huling araw na nakita niyang buhay ang kaniyang ina. Ilang araw ang lumipas nang matagpuan ang ulo nitong lumulutang sa estero ng Binondo. Nanghina ang kaniyang ama. Nakita rin niya sa mga mata nito ang pagsisisi at lumbay. Nawalan na ito ng ganang mabuhay. Madalas na wala itong kinikita sa pagkukumpuni ng sapatos. Madalas na kumalam at malipasan na sila ng gutom. Nakita ni Maring ang pagtubo ng balbas ng kaniyang ama na tila nagpapahiwatig ng kawalan nito ng pag-asa. Madalas nitong bilangin ang mga pakong-bakya. Ipinapahid nito ang biton sa pisngi. Nawawala na ang pang-unawa nito. Hanggang magkaroon ng pangitain si Maring nang matitigan niya ang tumitibok nitong sentido at ang pagtulo ng pawis nito sa patilya. Nanahimik si Maring. Alam niyang walang maniniwala sa kaniya, kahit ang sarili niyang ama.

Madaling araw ng Linggo nang magbangon ang kaniyang ama. Pumapaltak noon ang ilang kalesa nang magpasya itong gilitan ang sarili at saka tumakbo para harangan ang kabayo. Madugo at masakit ang pagkamatay ng kaniyang ama. Nakaupo lamang noon sa higaan si Maring. Walang magawa kundi ang tahimik na pagtangis.

Naglakad siya, naging palaboy. Bagaman kilala siya ng ilang may-ari ng karinderya at panaderya na kaibigan ng kaniyang ama na nag-aabot sa kaniya ng ilang pirasong tinapay o balot ng pagkain. Nababasa niya sa mga mukha ng may-ari o serbidora o panadero kung bibigyan siya nito nang kaunti. Namalimos siya sa parke. Natutulog nang mag-isa habang bumabagyo o tirik ang sikat sa tag-araw. Natutunan niyang mabuhay nang mag-isa. Kumukuha ng kaning-baboy sa mga karinderya at restawran para ipagbili sa mga may-ari ng kural sa Tondo. Kumapit siya sa kaniyang pananampalataya, kaya't hindi siya nakalilimot na dumalaw sa simbahan ng Santa Cruz, Binondo, o Quiapo. Nagpapasalamat pa rin siya kahit na hindi niya alam ang konsepto ng anumang sakramento o doktrina.

Isang hapon, matapos ang mahabang paglalakad mula sa pangangalakal ng kaning-baboy, napagpasyahan niyang pumasok sa simbahan ng Santa Cruz. Kakaiba ang mga sandaling iyon. Tahimik ang simbahan at malamig ang simoy ng katanghalian. Pumasok ang maitim na lalaki sa simbahan. Diretso ang lakad nito patungo sa likod na upuan ni Maring kung saan ito agad na lumuhod. Tila mataimtim na nagdasal ang lalaking may balingkinitang katawan at sunog na balat. May ibinulong ito kay Maring habang nagdarasal.

"Higit mong nakikita ang mga kahulugan at katotohanan higit sa karaniwang mata. Isa itong regalo, bagaman may katapat na sakripisyo. Gamitin mo ito."

Nilingon ito ni Maring at tanging ang rebulto lamang ng isang santo sa may pintuan ang nasa kaniyang likuran. Kinabahan siya. Dali-dali niyang nilisan ang simbahan. Nagliparan ang mga ibon sa patiyo ng simbahan.

Naipangako niyang hindi gagamitin ang regalong ito, ngunit 'di niya maiwasan na mapatitig o mamasdan ang mukha ng mga taong kaniyang nakakatagpo at nakikilala. Nagkakagulo ang mga nangyari at mga naganap. Napupuno ng mga tinig ang kaniyang paligid. Sabay-sabay na nagaganap sa kaniyang diwa ang mga kilos ng taong kaugnay sa mukhang kaniyang nakikita. Hindi niya mapigil ang daluyong ng alaala at ang pagbulusok ng hinaharap. Madalas nga ay ipinipikit na lamang niya ang mga mata upang makalma lamang ang lahat. Mas lalo pang naging agresibo ang kaniyang regalo. Nagkakaroon na ito ng kulay at nagiging piho na ang pook ng pinangyayarihan.

Hanggang sa isang batang lalaki ang kaniyang natitigan sa isang kanto. Nasukat niya sa mga mata nito na limang taong gulang pa lamang at

ulila. Matamlay ito. Nakita niya sa mga labi nito ang gutom. Naintindihan niya ang kalagayan nito at ang mangyayari. Tumakbo siya, kahit mapatid na ang kaniyang tsinelas at mabangga niya ang mga nakasasalubong na mga naglalakad. Batid niya ang pangangailangang marating agad ang kinatatayuan ng paslit. Inabutan niya ang bata bago pa ito matumba sa kalyeng may paparating na bus. Kinarga niya ito at saka iniuwi.

Nakilala niya si Jimboy, na ayon sa bata ay naiwan ng kaniyang ama sa istasyon ng bus. Pero hindi alam ng bata ang nabasa ni Maring sa kaniyang noo na sinadyang iligaw siya ng kaniyang ama. At nakita rin niya ang napakagandang kinabuksan nito. Magkakaroon ito ng kabuhayang umaapaw sa biyaya. Naging malapit sila sa isa't isa. Katu-katulong niya ito sa paghahanapbuhay. Naayos nila ang mga dokumento ni Jimboy sa tulong ng isang kagawad na may kamag-anak sa ahensya ng gobyerno. Nagbabakasakali kasi ang kagawad na mapaibig niya si Maring. Napakadali ng lahat. Magdadalawampu't tatlong taon na si Maring noon.

Sumapit na ang panahon na batid na niya ang paggamit ng kapangyarihan ng kaniyang regalo. Kinakaya na niya ang makapamili ng pakikinggan kahit na napakaraming tao sa kaniyang paligid. At ito rin ang araw na napagpasyahan niyang kunin ang isang pwesto sa may harap ng simbahan ng Quiapo. Marami ang nagtaka na isang upuan at payong lamang ang kaniyang gamit. Si Jimboy ang tagapayong kay Aling Maring. May ilang manghuhula ang nagtatawa sa kaniya at pinagbibintangang peke ang kaniyang katauhan. May ilan namang naninira sa kaniya. May iba rin ang nagpapayo na bumalik na lamang siya sa pangangalakal ng kaning-baboy. Nakasanayan na niya ito hanggang ang ilan sa kanila ay matutunan na siyang tanggapin o sa pinakamainam na paraan ay huwag pansinin. Gayon pa man, napansin nila ang dumaraming parokyano ni Aling Maring. Ang isang mukha ay nagkaroon ng kalutasan na nagrekomenda upang magpabasa pa ang isang mukha na nagkatotoo ang mga kahilingan, at nagpakilala sa ilan pang mukha na kaniyang binasa at tuloy ay natulungan. Naging tanyag siya bagaman ang bayad sa kaniya ay kung ano lamang ang makayanan ng kaniyang makakaharap. Totoong maliit lamang na halaga ang ibinibigay sa kaniya. Katwiran niya, "May pinapasan na ngang suliranin, dadagdag pa ba sa pasanin?"

Napaaral niya si Jimboy. Batid niyang ito ang mag-aahon sa kanilang dalawa sa kahirapan. At ito rin ng magiging dahilan ng tagumpay ni Jimboy. Nabasa niya ito sa mukha ng bata. Sa umaga ito pumapasok sa paaralan,

at kasa-kasama na niya ito sa hapon hanggang sa pagpatak ng alas-nuwebe ng gabi. Malakas ang kita nila lalo na kung dumayo pa ang magpapabasa ng mukha. Bagaman, mangilan-ngilan pa rin ang kaniyang pinipigil na ihayag ang katotohanan at nagbibigay lamang ng babala. Nababakas din naman kasi sa kanilang mukha kung kakayanin o paniniwalaan ang isang mapait na katotohanan at malagim na hinaharap. Nalalaman nila kung papaano makaiiwas sa isang disgrasya, kung may karamdaman at paano ito malulunasan, mabibigyan ng kalutasan ang problema at matutupad ang isang pangarap. Marami ang tumatanaw ng utang na loob at taos-pusong pasasalamat. May iba namang nagdududa at nawawala ang tiwala. Mangilan-ngilan ang nagbibigay ng malaking pabuya at donasyon. Nakapag-ipon sila. Nakalipat sila sa isang maliit na bahay na kanilang iginapang upang maging pagmamay-ari nila. Nasa gitna ito ng mga dikit-dikit na barong-barong. Nabibili nila ang mga pangangailangan at nakakakain sila nang sapat. Kahit na karaniwan lamang ang talino ni Jimboy ay nairaraos niya ang kaniyang pag-aaral.

Naging isang makisig na varsity player si Jimboy sa kolehiyo. Mahahaba ang biyas at matipuno ang katawan. Hinubog kasi siya ng kaniyang husay sa paglalaro ng basketbol sa mga kalye at makailang liga. Pinagsumikapan niya ang pagiging isang mahusay na manlalaro ng basketbol. Hindi maitatanggi ang rahuyo sa kaniyang pagkalalaki dahil sa dami ng humahanga at nagkakaroon ng pagtingin para sa kaniya. Ilang babae nga ang nanunukso sa kaniya at napagbibigyan ng kahit na maikling panahon ng pakikipagmabutihan. Naging isa siya sa mga kilalang manlalaro ng koponan ng basketbol sa Kamaynilaan. Makailan niyang pinangunahan ang kaniyang koponan sa kampeonato. Naging iskolar siya dahil dito. Dalawampung taong gulang si Jimboy nang makatapos siya sa kolehiyo, samantalang tatlumpu't walong taon na si Aling Maring at patuloy pa rin sa kaniyang pagbabasa ng mukha. Laking pasasalamat niya sa Itim na Nazareno dahil sa biyayang ipinagkaloob sa kaniya, lalo na ang pagiging isang ina para kay Jimboy. Batid niyang ang lahat  ng kanilang suwerte ay dahil sa kaniyang pagsisikap at pananampalataya. Hindi na niya sinubukan pang makahanap ng mapapangasawa, sa takot na sapitin ang kapalaran ng kaniyang ina at ama. Ayaw niyang mawala pa ang magandang kapalaran nila ni Jimbo.

Naging propesyonal na basketbolista si Jimboy. Dala-dala pa rin niya ang liksi at kilos ng isang mahusay na manlalaro. Doon niya nakilala ang napakaraming mga kinikilala at mayayamang personalidad sa politika

at larangan ng pelikula. Marami nga ang nag-aalok pa sa kaniya na maging aktibo sa mga programang pantelebisyon. At dahil sa kaniyang dedikasyon sa paglalaro, mas minarapat niyang maglaro pa at pag-agawan ng mga koponan. Ilang ulit siyang nagpalipat-lipat ng kompanya. Dito na nagpasyang tumigil sa pagbabasa ng mukha si Aling Maring matapos siyang kumbinsihin ni Jimboy. Ayaw na kasi niyang makitang pawisan at nanlilimahid ang ina sa gitna ng plaza, at nagbabakasakaling magkaroon ng galanteng parokyano. Nahihiya na rin si Jimboy na malaman ng kaniyang mga kamag-aral at tagahanga na ang kaniyang ina-inahan ay isang manghuhula sa Quiapo.

Naging sikat siya sa mga kabataan. Marami ang umiidolo sa binata. Marami pa rin ang naiuugnay kay Jimboy. May ilan pa nga na nagpapanukala ng kahit isang gabing pagsisiping lamang, mapa-babae, matrona, o bakla. Naging laman siya ng mga balita at society page ng mga kilalang magasin. Kabi-kabila ang imbitasyon sa kaniya sa mga party at events. Napupuno ng mga okasyon, paglalaro, at sari-saring pakikipag-ugnayan. Doon niya nakilala at naging kasintahan ang isang artista. Patago nga lamang ito. At siya pa ang niligawan nito. Araw-araw siyang sinusundo ng mamahaling kotse. Nabigyan siya ng mga alahas at mamahaling kagamitan. Inaabutan pa siya nito ng tseke para kay Aling Maring. Kilala ang kaniyang manliligaw na naging karelasyon ng mga atletang gaya niya. May nagbiro pa nga sa kaniyang kasamahan sa team habang nasa shower room ng basketball court.

"Pare, iba ka talaga. Bigay todo ang suporta niya sa iyo. Hindi 'yan naranasan nina Joel at Cyrus. Mamahalin talaga ang tamod mo," sabay hagalpak nito. Tahimik lang na nagbihis at napangiti itong si Jimboy.

Naging mapangahas siya, lalo't alam niya ang kaniyang estado. Lalo pa niyang ibinigay ang sarili sa mangingibig. Dumating ang araw na nakilala ni Aling Maring ang artista. Isang mayamang bakla at kilala sa kaniyang pagiging mahusay na komedyante. Nabasa ni Aling Maring ang umaapaw na pagmamahal ng bakla sa kaniyang anak-anakan. May tibo ng takot siyang naramdaman. Kakaiba ang lakas ng loob ng baklang ito. Magaling siyang magpatawa, pero may itinatago siyang galit. Bata pa lamang ito ay palagi na siyang iniiwan. Ayaw niyang siya ang iniiwang mag-isa, at mas pinipili niyang siya ang nang-iiwan kapag nagsawa na. Nakita niya sa mga labi nito ang kakayanan nitong magpaamo ng mga tao, pero kaya rin nitong utusan ang mga tao at paikutin sila sa kaniyang kagustuhan. Isa ito sa mga impluwensyal sa pangunahing network na pantelebisyon at produksyon ng mga pelikula. May mga proyekto rin ito sa labas ng bansa. Alam nito ang mga pasikot-sikot

sa mga kompanya at isponsor. Nakakasama nga madalas ni Jimboy ito sa mga bakasyon. Mabait ang bakla, palibhasa ay malambing si Jimboy at nakita niya ang katapatan nito sa kaniya. Madalas na may sorpresa ang karelasyong ito sa binata.

"Wala kang training bukas, 'di ba? At birthday mo na next week," tumango lamang si Jimbo habang nagkakape ang dalawa.

"Tawagan mo ang Nanay Maring mo. Sabihin mong mag-empake at dalhin ang ilang gamit," sabay abot ng susi.

"Para saan ito?" pagtataka ni Jimboy.

"Mas maganda kung sa condo na kayo ng nanay mo. Palaging binabaha ang paligid ng tirahan ninyo at maraming mga tao ang nakakakilala sa akin doon. Regalo ko sa iyo 'yan," walang anumang maitugon si Jimboy kundi ang yakapin at halikan ang bakla. Sinusuklian nito ang kabaitan ng binata. Para sa bakla, walang problema kung mambabae si Jimboy, basta sila ang magkasama pa rin sa huli. May bilin lamang ang komedyante sa binata.

"Alam mo naman kung ano ka sa buhay ko. Hindi ako umaasa ng anuman bukod sa pagmamahal mo. Huwag mong sisirain ang tiwala ko."

Madalas na hindi umuuwi si Jimboy at nababalitaan na lamang ni Aling Maring ang sunod-sunod na pagkatalo nito. Nagkabisyo na ito. Nag-aalala si Aling Maring. Madalas niyang nakikitang madilim ang mukha nito habang lasing at nahihimbing. Hindi naman siya nagkulang sa paalala. Pinagsabihan niya ito, pero yayakapin lamang siya ni Jimboy at mawawala na ang kaniyang pag-aalala.

Totoo naman ang kahulugan ng madilim na mukha ni Jimboy. Natalo sa liga ang kompanya at hindi na muling kinuha pa si Jimboy. Ilang linggong hindi ito umuwi. Walang anumang pasabi o tawag. Makailang ulit na ring hinanap ito ng baklang karelasyon.

Bisperas ng Pasko nang magbalik si Jimboy kay Aling Maring. Kapwa sila masayang nagkasama. Nabasa nito sa kaniyang mukha ang planong pangingibang-bayan kasama ang babaeng totoong iniibig. Nais na nitong lumayo at magsimula ng panibagong pamumuhay. Nakilala ni Aling Maring ang babae. Minasdan nito ang maamong mukha. Marikit ang mukha nito. Walang anumang bahid ng kasamaan. Tahimik at may urbanidad ang dalaga. Wagas itong umiibig sa binata. Ngunit nagulat siya sa kaniyang nakita sa mga mata nito. Humahagugol sa isang bangkay at nagluluksa ang isang

babae sa harap ng ataul. Hindi niya maaninag ang mukha ng nakabelong itim na babae. Nanlamig ang buong katawan ni Aling Maring. Nais sana niyang sabihin sa dalaga na huwag nang ituloy ang anumang plano nila. Pero pinili niyang manahimik. At saka niya binalaan si Jimboy.

"Magaling ka talagang manghuhula, nanay. Nalaman mo na kamamatay lang ng daddy niya noong nakaraang buwan," napangiti pa si Jimboy sa matandang babae. Isa ngang pangitain, alaala, o posibilidad ito. Hindi nga lamang piho kung ito ay naganap o magaganap pa lamang. Maaaring ang nagluluksa ay ang ina o ang kaniyang kasintahan. Pinagsaluhan nila ang simpleng Noche Buena, habang puno ng alinlangan at pangamba ang kalooban ni Aling Maring. Nararamdaman niya sa mukha ni Jimboy na may peligro itong haharapin.

Ilang araw matapos ang bagong taon, nagbalik si Aling Maring sa Quiapo. Nagdasal. Puno ng hinagpis ang mukha ng Nazareno. Nakatitig ito kay Aling Maring. Lumamig ang paligid. Naging tahimik kahit pa may mga bulong ng dasal, mga ingay sa labas ng simbahan, at pag-uusap ang nasa paligid. Nakatagpo niyang muli ang lalaking maitim. Kinausap siya nito at sinabing, "Ibinilin ko sa iyong gamitin ang regalo. Pinili mo itong talikuran. Mas malaki ang isasakripisyo mo." Nagliliyab ang mata ng lalaking maitim. Tumayo ito at saka umalis. At saka kumanta ang napakalakas na tinig ng himno ng Nazareno. Nakabibingi kaya't napatayo si Aling Maring at dali-daling lumabas ng simbahan. Nadaanan niya ang ilang kakilalang manghuhula.

"Maring, mayaman ka na! Balatuhan mo naman kami," bati ang manghuhulang nakapansin sa kaniyang pagmamadali.

"Sikat 'yung anak mo ah. Sikat din yung karelasyong bakla!" ani ng lalaking nakakalbo, at saka nagtawanan ang mga magkakahilerang manghuhula sa patiyo.

"Magpipista na ang Nazareno. Maraming naghahanap sa iyo. Kelan ka ba babalik sa panghuhula?" tanong ng babaeng nagbabalasa ng baraha.

Saglit lamang siyang napahinto. Wala siyang anumang naisagot. Walang mukha ang mga manghuhulang ito. Nagbubulungan sila at napakaraming mga puna sa kaniya. At saka siya nagmadaling lumakad papalayo ng simbahan.

Ilang araw siyang nag-iisa sa pamamahay. Tila blangko ang mga dingding. Mas lumalawak ang espasyo sa pag-iisa. Nagiging isang kulungan

ito para kay Aling Maring. Ilang araw na niyang pinagtitiyagaan ang pagkain nang nag-iisa. Nakakaligtaan na nga niya kung minsan. Iilang oras lamang siyang nakakatulog. Lumalakas ang tunog ng orasan. Nabibilang na niya ang mga kagamitan ng bahay para lamang libangin ang sarili at mawaglit ang pangamba. Walang balita kung nasaan na si Jimboy.

Pista ng Nazareno. Ang araw ng Traslacion. Pinili niyang dumalo rito. Nais niyang lumabas ng bahay. Nagsasawa na siya sa katahimikan ng pag-iisa. Ayaw na niyang magkulong. Mamarapatin niyang kausapin ang Nazareno at hilingin dito ang kaligtasan ni Jimboy at ang patuloy na biyaya at pagpapala nito sa kanila. Naniniwala siya sa kabutihan nito. Ito lamang ang kaniyang takbuhan at ang nag-iisang nagmamalasakit sa kanila. Alam niyang kaloob nito ang kaniyang kakayanang bumasa ng kapalaran, bagaman mas maraming bagay ang hindi niya nakikita at naiintindihan.

Palubog na ang araw nang marating niya ang simbahan. Parating pa lamang ang imahen mula sa parke kung saan ito inilagak nang maghapon bago ibalik sa basilika. Laksa-laksa ang deboto. Napakaraming mukha ang kaniyang nabasa. Punong-puno ng mga kuwento. Hindi mabilang ang mga hinanaing at kahilingan. Iba-ibang hugis ng mukha, kulay ng balat at ekspresyon ng pananampalataya o pagdududa ang kaniyang napansin. Napakahaba ng binibigkas na dasal ng mga deboto. Nakatuon ang karamihan sa sentrong altar ng Nazareno. Nakahihilo ang pagsisiksikan patungo sa loob ng simbahan. Nagkikiskisan ang mga pawisang katawan. Sa kaniyang pagpasok, namukhaan niya ang kaniyang ina at ama sa karamihan ng tao. Tila may lungkot ang mga mukha nito. At nawala na lamang ito sa dagsa ng mga nagdarasal. Natanaw niya ang lumuluhang mukha ng poon. Bumigat ang kaniyang bawat hakbang. Nagdilim ang kaniyang paningin. Umikot ang paligid at nawalan siya ng malay.

Nagising siya sa ospital. Maingay ang kakarag-karag na bentilador. Kinapa niya ang kaniyang gamit. Naroroon pa ang kaniyang munting lukbutan. Nakaupo sa kaniyang tabi ang kasintahan ni Jimboy. Umiiyak ito.

"Nay, wala na po si Jimboy," pakli ng dalaga. Hinabol niya ang kaniyang hininga na para bang nauubusan siya ng hangin. Dumaloy sa mga mata ni Aling Maring ang luha. Nakita niya sa mukha ng dalaga ang labis na kalungkutan. Binaril ito. Maaaring napagkamalan, napag-initan, o ipinapatay. Iniimbestigahan pa ito. Papauwi na raw ito sa condo nila nang madaanan ng nakamotor na lalaki at saka pinaputukan sa ulo ng makalawang ulit. Bumulagta ito. Itinawag lamang ang mga nangyari sa kasintahan ng binata.

Nakita at napiho ni Aling Maring sa mukha ng dalaga na ang bangkay na tinatangisan ay si Jimboy at siya mismo ang babaeng nakabelong itim. Tanging si Aling Maring lamang ang nakakaalam. Ito marahil ang sakripisyo. Isang pagluluksang hindi niya naisagawa kahit sa kaniyang mga magulang.

Nagtagpo ang iba pang manghuhula matapos ang pista ng Nazareno. Lumuluha ang mga kandila habang nagliliyab at natutunaw ito sa loob ng latang tinitirikan. Tulad ng dati, nakasalampak sila sa patiyo ng simbahan. Wala silang alam o pakialam o maaaring hindi naman nila pinapansin ang turo at ang paninindigan ng simbahan sa tulad nilang manghuhula, nagbebenta ng mga agimat at mga nagpapasindi ng kandila at padasal. Isa lamang ang kanilang pinag-uusapan sa umagang iyon. Nabalitaan na nila ang nangyari at pinagtatawanan si Aling Maring, ang mambabasa ng mukha, ang manghuhula.

*(Enero 8-9, 2018; Maynila)*